Mensahe Lima

## Si Kristo bilang ang Larawan ng Diyos at ang Kayamanan

Babasahin sa Kasulatan: 2 Cor. 4:4, 7; Col. 1:15; Heb. 1:3; John 1:18

**I. Ipinakikita sa atin sa 2 Corinto 4:4-7 na maaari nating maranasan at matamasa si Kristo bilang ang larawan ng Diyos at ang kayamanan:**

A. Ang larawan ng Diyos ay tumutukoy kay Kristo bilang ating panlabas na kahayagan, samantalang ang kayamanan ay tumutukoy kay Kristo bilang ating panloob na nilalaman.

B. Dapat nating taglayin si Kristo bilang larawan ng Diyos sa labas, at dapat nating taglayin si Kristo bilang kayamanan sa loob.

C. Kailangan tayong pumasok sa mayaman at lubos na pagtatamasa kay Kristo.

D. Ayon sa Hebreo 1:3, si Kristo ang ningning ng kaluwalhatian ng Diyos; yaon ay, Siya ang kahayagan ng larawan ng Diyos.

E. Si Kristo bilang larawan ng Diyos ay ang deklarasyon, ang kahayagan, ng Diyos; idinedeklara Niya ang Diyos at inihahayag ang Diyos—Juan 1:18.

F. Nagsasalita ang Colosas 1:15 hinggil kay Kristo bilang "larawan ng di-nakikitang Diyos"; ang larawan dito ay hindi isang pisikal na anyo kundi isang kahayagan ng pang-esensiyang katangian ng Diyos sa lahat ng Kanyang katangian at kagalingan.

G. Ang ating kaisipan ay kailangang mapabago hanggang sa sukat na tayo ay may malinaw na pananaw hinggil kay Kristo bilang larawan ng Diyos—Roma 12:2.

**II. Nagsasalita si Pablo sa 2 Corinthians 4:4 hinggil sa "pagliliwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, na siyang larawan ng Diyos":**

A. Ipinaaalam din sa atin ni Pablo sa bersikulong ito na binulag ng diyos ng kapanahunang ito, ang pinuno ng sanlibutang ito (Juan 12:31; 14:30; 16:11; Efe. 2:2), ang mga kaisipan ng mga di-mananampalataya:

1. Ang diyos ng kapanahunang ito ay si Satanas, ang pinuno ng kasalukuyang kapanahunan, na pinangingibabawan ang kasalukuyang sanlibutan at naghahanap ng pagsamba ng tao sa pamamagitan ng pagbulag sa kanilang pag-iisip at mga kaisipan—2 Cor. 4:4.
2. Lahat ng tao ngayon, sinauna man o lubhang may kalinangan, ay binulag ng diyos ng kapanahunang ito.
3. Kailangan tayong manalangin, "Panginoon, nagtitiwala ako sa Iyo na talunin ang diyos ng kapanahunang ito; maliban sa Iyo, hindi ako sumasamba sa sinuman o anumang bagay."
4. Kung mananalangin tayo sa ganitong paraan, sisinag ang dibinong liwanag, at tatanggap tayo ng pahayag.
5. Kung bibitiwan natin ang ating mga konsepto at ibabaling ang ating puso sa Panginoon (3:16), ang mga talukbong ay maaalis, at ang diyos ng kapanahunang ito ay hindi magkakaroon ng puwang sa ating katauhan.

B. Ang ebanghelyo ni Kristo ay ang ebanghelyo ng Kanyang kaluwalhatian na nagliliwanag at sumisinag.

C. Ang Diyos ay di-nakikita, subalit si Kristo, ang Anak ng pag-ibig ng Diyos, na siyang ningning ng kaluwalhatian ng Diyos at hayag ng larawan ng Kanyang substansiya (Heb. 1:3), ay ang Kanyang larawan, naghahayag ng kung ano Siya.

D. Ang larawan ng Diyos sa Colosas 1:15 ay tumutukoy sa kahayagan ng Diyos at sa kapuspusan ng Diyos, yaon ay, si Kristo Mismo.

E. Ang pahayag na *larawan ng di-nakikitang Diyos* ay nagpapahiwatig na bagama't ang Diyos Mismo ay di-nakikita, ang Kanyang larawan ay nakikita—b. 15.

F. Ang di-nakikitang Diyos ay may larawang nakikita, at ang larawang ito ay si Kristo:

1. Sinasabi ng Juan 1:18, "Walang sinuman ang nakakita kailanman sa Diyos; ang bugtong na Anak, na nasa dibdib ng Ama, Siya ang nagdeklara sa *Kanya*."
2. Bagama't ang Diyos ay di-nakikita, inihahayag Siya ng isang buháy na persona, yaon ay, si Hesu-Kristo, ang Anak ng Diyos—3:16.

## III. "Taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang lupa"—2 Cor. 4:7a:

A. Si Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay sa loob natin ay ang Isa na sumisinag at gumagawa; ito ang kayamanan na taglay natin sa loob natin.

B. Ang pagsinag ng Diyos sa ating mga puso (bb. 4, 6) ay nagdadala sa loob natin ng isang kayamanan, ang Kristo ng kaluwalhatian, na siyang pagsasakatawan ng Diyos upang maging ating buhay at ating lahat-lahat.

C. Dahil sa pagsinag sa ating mga puso, mayroon tayong isang kayamanan na kahanga-hanga, mahalaga, at kamangha-mangha.

D. Ang kayamanang ito, ang naninirahan sa loob na Kristo, sa loob natin, mga sisidlang lupa, ay ang dibinong pinagmumulan ng panustos para sa buhay-Kristiyano—b. 7.

E. Ang pahayag na *kayamanang ito* sa 2 Corinto 4:7 ay tumutukoy sa bersikulo 6, kung saan nagsasalita si Pablo hinggil sa mukha ni Hesu-Kristo:

1. Ang pagsinag ng Diyos sa ating mga puso ay ang liwanagan tayo upang makilala natin ang kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Kristo.
2. Ang kaluwalhatian ng Diyos na nahayag sa mukha ni Hesu-Kristo ay ang Diyos ng kaluwalhatiang nahayag sa pamamagitan ni Hesu-Kristo; ang makilala Siya ay ang makilala ang Diyos ng kaluwalhatian—b. 6.
3. Sa literal, ang salitang Griyego para sa *mukha* sa 2 Corinto 4:6 ay parehong salita na isinaling "persona" sa 2:10, na tumutukoy sa palibot na bahagi ng mga mata, ang hitsura bilang palatandaan ng mga panloob na kaisipan at damdamin, na nagpapakita at naghahayag sa buong persona.
4. Ipinahihiwatig nito na maliban na mataglay natin ang palatandaan ng mukha ni Kristo, hindi Siya magiging kayamanan sa atin sa realidad:
   a. Hindi natin madarama na mayroon tayong kayamanan sa loob natin hangga't hindi natin nakikita ang mukha ni Hesu-Kristo.
   b. Sa isang panig, maidedeklara nating lahat na tayo ang mga sisidlang lupa at yaong si Kristo ang kayamanan sa loob natin.

c. Sa kabilang panig, kailangan nating makita na tanging kapag tayo ay namumuhay sa presensiya ni Kristo, tumitingin sa palatandaan ng Kanyang katangian, saka natin madarama na Siya ay kayamanan sa atin—b. 10.

F. Ang unang hakbang ng pamamaraan ng Diyos sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin ay lalangin ang tao bilang isang sisidlang lupa upang isilid ang Kanyang sarili bilang buhay—Gen. 2:7:

1. Pinili tayo ng Diyos nang sa gayon ay maging mga sisidlan tayo ng karangalan na puspos ng Tres-unong Diyos—Roma 9:21, 23; 2 Cor. 13:14.
2. Ipinakikita sa atin sa Bagong Tipan na ninanais ng Diyos ang mga mananampalataya bilang mga sisidlan na umiibig sa Kanya at pinananatiling bukás ang kanilang sarili sa Kanya—Roma 9:21, 23; 2 Cor. 3:16.
3. Kung sa kaibuturan ng ating katauhan ay hindi tayo bukás sa Panginoon, hindi Niya maipamamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin at *hindi Siya* makagagawa ng Kanyang tahanan sa ating puso—1 Cor. 2:10.
4. Ang isang bukás na sisidlan ay walang ginagawa kundi ang panatilihing bukás ang sarili nito upang mapuspos ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—2 Cor. 13:14.
5. Kapag pinuspos tayo ng Panginoon, ginagawa Niya ang lahat ng bagay para sa atin—Efe. 3:19.

G. Tayo ay mahina dahil tayo ay mga sisidlang lupa; gayunpaman, isang kayamanan sa loob natin, ang sisidlan, ang nagbibigay-kakayahan sa ating panatilihing bukás ang ating sarili sa Panginoon, nagbibigay sa Kanya ng bawat pagkakataon na gawin ang lahat ng bagay na ninanais Niyang gawin; ito ang wasto at tunay na buhay-Kristiyano—b. 17; Gal. 2:20.

**IV. "Upang ang kahigtan ng kapangyarihan ay maging mula sa Diyos at hindi mula sa amin"—2 Cor. 4:7b:**

A. Ang katunayan na tayo ay mga sisidlang lupa ay nagpapatunay na ang kahigtan ng kapangyarihan ay mula sa Diyos at hindi mula sa atin:

1. Sa ating sarili, tayo ay mga sisidlang lupa lamang; tayo ay makasalanan, natisod, at mababa.
2. Bilang gayon, wala tayong kapangyarihan na ihayag ang katotohanan at isinag ang kaluwalhatian ng ebanghelyo—b. 4.

B. Bagama't tayo ay mga walang halagang sisidlang lupa, isininag ng Diyos ang mahalagang kayamanan tungo sa atin:

1. Ngayon ang kayamanang ito ay nagiging pinagmumulan ng kapangyarihan na nagpapalakas sa atin at nagbibigay-kakayahan sa ating isinag ang kaluwalhatian ng Diyos at ihayag ang katotohanan—b. 7a.
2. Ang kayamanang ito ay may kapangyarihan, at ang kapangyarihang ito ay ekselente.

C. Sa panlabas, tayo ay mga sisidlang lupa, subalit sa panloob, mayroon tayong isang walang kasinghalagang kayamanan—si Kristo bilang pagsasakatawan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos upang maging nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b.

D. Sa loob natin, mayroon tayong Kristo bilang isang kahanga-hangang kayamanan; sa panlabas, taglay natin si Kristo bilang larawan ng Diyos, ang kahayagan ng Tres-unong Diyos—2 Cor. 4:4.

E. Nang manampalataya tayo sa Panginoong Hesus, natanggap natin ang higit pa sa isang Manunubos; natanggap natin ang pinakaekselenteng Isa sa sansinukob.

F. Kailangan nating maranasan at matamasa si Kristo bilang kayamanan sa loob at larawan sa labas.

*© 2024 Living Stream Ministry*